# Ang pagligo sa araw ng Jumuah ay obligado sa bawat nasa hustong gulang,at ang [maglinis ng ngipin gamit ang] Siwak,at humawak ng pabango kapag mayroon

Ayon kay `Amr bin Salem Al-Ansari Nagsabi siya:Nagsasaksi ako kay Abe Said,Nagsabi siya:Nagsasaksi ako sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya:((Ang pagligo sa araw ng Jumuah ay obligado sa bawat nasa hustong gulang,at ang maglinis siya ng ngipin ,at ang humawak ng pabango kung mayroon.
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sinabi ni Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya."Nagsasaksi ako sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan" ibig sabihin ay;Sasabihin ko sa inyo ang buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tiyak na balita na nagmumulasa kasiguraduhan at tiyak na kaalaman,Na siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsabi: "Ang pagligo sa araw ng Biyernes ay obligado sa bawat nasa hustong gulang" ibig sabihin ay: Ang pagligo sa araw ng Biyernes ay tiyak sa sa lahat ng kalalakihan na nasa hustong gulang mula sa pangkalahatan ng mga Muslim,Nagtalik man o hindi nagtalik,Naging Junub man o hindi naging Junub,At inilalabas nito mula sa pagiging obligado ang Hadith ni Samrah bin Jandab-malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu-" Sinuman ang magsagawa ng Wudhu sa araw ng Biyernes ito ay maluwalhati sa kanya at mainam,at sinuman ang maligo,ito ang pinakamainam" ibig sabihin ay sinuman ang maging sapat sa kanya ang Wudhu sa araw ng Biyernes tunay na nakamit niya ang Pagpapahintulot,at magagantimpalaan siya sa pagsagawa niya ng Wudhu,at mainam para sa kanya ang pagpapahintulot,At sinuman ang maligo,Ang Pagligo ay higit na mainam sapagkat ito ay Sunnah at kaibig-ibig.Sa sinabi niya: ",at ang maglinis siya ng ngipin " ibig sabihin ay gumamit ng Siwak ,mula sa paglinis ng ngipin at ito ang paggamit ng Siwak.At sa sinabi niya:"At ang humawak ng pabango kung mayroon" Ibig sabihin ay:Ang magpabango ng kahit [anong] amoy na pabango,at ang dalawang pangungusap ay naka-ugnay sa unang pangungusap